

Global Scholarship Program

MGA MADALAS ITANONG [may bisa nang Enero 2025]

Kung sumali ang empleyado sa Baxter sa pamamagitan ng merger o acquisition, ipalagay sa iyong anak na aplikante ang orihinal na petsa ng pag-hire ng magulang sa aplikasyon bilang kanyang petsa ng pag-hire sa orihinal na kumpanya, hindi ang kanyang petsa ng pagsisimula/petsa ng merger o acquisition sa Baxter.

PAGIGING KWALIPIKADO

Para sa mga empleyadong nakatalaga sa Vantive, magiging kwalipikado ba ang kanilang mga anak na mag-apply para sa 2025 Global Scholarship Program ng Baxter?

Hindi magiging kwalipikado ang mga anak ng mga empleyadong nakatalaga sa Vantive mag-apply para sa 2025 Global Scholarship Program ng Baxter.

Ang mga anak ng mga empleyadong nakatalaga sa Vantive na nakatanggap ng scholarship noong 2024 o sa mga nakaraang taon ay kwalipikadong i-renew ang kanilang scholarship sa maximum ng tatlong beses o hanggang makapagtapos sila, alinman ang mauna, kung ipinagpapalagay na patuloy nilang matutugunan ang lahat ng pamantayan sa pagiging kwalipikado pagkatapos ng pag-alis sa Baxter.

Ang Vantive ay nasa proseso ng pagbuo ng sarili nitong mga pilantropikong programa at programa sa pakikipag-ugnayan sa empletado kaya higit pang impormasyon ang ibabahagi ng Vantive Communications team sa hinaharap.

Maaari bang mag-apply para sa scholarship program na ito ang mga senior sa mataas na paaralan? Kung oo, kailangan ba nilang magbigay ng anumang dokumento?

Oo, maaaring mag-apply ang mga senior sa high school, pati na rin ang mga freshman at sophomore sa kolehiyo. Hinihiling sa bawat aplikante na i-upload ang mga dokumento sa seksyong Mga Attachment [mga transcript ng marka, resulta ng IGCSE at/o A-level, atbp.]. Posibleng iba at hindi GPA ang ginagamit ng ilang paaralan sa labas ng USA. Maaaring gamitin at tinatanggap iyon. Sa field na 'Kumulatibong GPA sa scale na 4.00', pakilagay lang ang 4.00 bilang placeholder, at i-upload ang mga marka at transcript sa seksyong Mga Attachment. Sa proseso ng pagsusuri, i-adjust ng Scholarship America ang GPA kung kinakailangan.

Hindi pa nakakapili ang anak ko ng kolehiyo/unibersidad para sa taglagas. Maaari pa rin ba siyang mag-apply para sa scholarship na ito?

Oo. Ayos lang kung hindi pa nakakapili ng paaralan/unibersidad ang mag-aaral sa oras na mag-apply na siya. May field sa online na aplikasyon para piliin ang 'hindi pa nakakapagpasya' sa paaralan. Pagkatapos suriin at piliin ng Scholarship America ang nangungunang 25% ng mga aplikante, bilang mga bagong tatanggap ng scholarship, maaaring hilingin sa mga mag-aaral sa kalaunan ng proseso (posibleng sa pagitan ng Mayo at Hulyo) na magbigay ng mga detalye tungkol sa napiling paaralan para sa post-secondary na edukasyon.

Isa akong empleyado sa Baxter at kasalukuyan akong pumapasok sa undergraduate na paaralan. Maaari ba akong mag-apply para sa scholarship program na ito?

Hindi kwalipikado ang mga empleyado na mag-apply para sa scholarship na ito. Available lang ang programang ito sa mga anak ng mga empleyado. Makipag-ugnayan ka sa iyong manager o HR Business Partner para matukoy kung mayroong anumang programa para sa reimbursement ng matrikula na iniaalok sa bansa o trabaho mo.

[Empleyado ako ng Baxter. Empleyado rin ng Baxter ang anak ko \(ang mag-aaral na aplikante\). Kwalipikado ba ang anak ko na mag-apply para sa scholarship na ito?](#)

Hindi. Tina-target ng programa ng Baxter ang mga anak ng mga empleyado, at ayon sa mga alintuntuning nakalista, hindi pinapayagan ang mga empleyado na mag-apply para sa scholarship. Samakatuwid, dahil nagtatrabaho nang full-time sa Baxter ang anak, hindi siya kwalipikadong mag-apply para sa scholarship.

Dahil ang programa ay may kaugnayan sa empleyado at pinopondohan/sino-sponsor ng isang foundation ng kumpanya (ang Baxter Foundation), dapat sundin ang mga alituntunin ng IRS pagdating sa proseso ng pagpili. Dapat matugunan ng mga empleyado at mga anak ng mga empleyado ang mga partikular na rekisito.

[Bilang isang empleyado, ang dalawang taong anibersaryo ko sa Baxter ay pagkatapos kaagad ng deadline ng aplikasyon, at isa akong kontratista/kontraktwal na manggagawa bago iyon. Maaari bang pagdugtungin ang panahon ng pagtatrabaho ko para mapayagan ang anak ko na mag-apply?](#) Hindi, hindi maaaring pagdugtungin ang panahon ng pagtatrabaho. Hindi magiging kwalipikado ang iyong anak na mag-apply para sa scholarship hanggang sa susunod na taon.

Ang empleyado ay dapat na full-time o part-time na EMPLEYADO (hindi kontratista o kontraktwal na manggagawa) nang dalawang buong taon bago lumipas ang deadline ng aplikasyon para sa scholarship. Pagkatapos magsara ng aplikasyon, sinusuri ng Scholarship America ang lahat ng aplikasyon at ang nangungunang 25% lang ng mga kwalipikadong aplikante ang pinipili. Pagkatapos ay bineberipika ng Human Resources ng Baxter ang mga bagong napiling aplikante para matiyak ang pagiging kwalipikado.

[Kundisyon sa pagiging kwalipikado: Ang empleyado ay dapat na nagtatrabaho sa United States o sa isa sa mga internasyonal na subsidiary ng Baxter o mamamayan dapat siya ng United States na nagtatrabaho sa isang pasilidad ng subsidiary ng Baxter sa ibang bansa. Kwalipikado ba ang mga mamamayan ng Turkey?](#)

Available ang scholarship program na ito sa mga anak ng lahat ng kasamahan sa Baxter sa lahat ng bansa na empleyado ng Baxter nang dalawang magkasunod na taon o higit pa bago lumipas ang **deadline ng aplikasyon**. Kwalipikado ang mga anak ng mga empleyado sa Turkey, kung ipagpapalagay na natugunan ang iba pang pamantayan sa pagiging kwalipikado.

APLIKASYON

[Paano mag-a-apply ang anak ko para sa scholarship na ito?](#)

Ipinagkakaloob ng Scholarship America Inc. ang scholarship program na ito. Mag-click sa link na ito para simulan ang proseso ng aplikasyon:

<https://learnmore.scholarsapply.org/thebaxterfoundation/>

Ang mga alituntunin at FAQ ng programa ay available sa 19 na wika sa landing page.

[Mayroon bang sangguniang gabay sa kung paano isumite ang aplikasyon?](#)

May [video sa YouTube](#) ang Scholarship America na pinapasadahan ang HUB at kung paano magparehistro. Walang partikular na sangguniang gabay sa kung paano isumite ang aplikasyon. Gayunpaman, maaari mo itong sundin:

- Kapag nasa landing page na, i-click ang “mag-apply ngayon” sa ibaba ng page. Kakailanganin ng mag-aaral na gumawa ng account at i-click ang “Mag-aaral ako” sa ilalim ng “Unang beses dito?” kung ito ang unang beses niyang i-access ang site.
- May mga step-by-step na tagubilin ang link sa aplikasyon kapag nagsimula ka na. Ang direktang link sa aplikasyon ay: <https://www.scholarsapply.org/thebaxterfoundation>. Maaaring idirekta sa [Scholarship America](#) ang anumang tanong habang nag-a-apply.

Sa seksyong Mga Dokumento ng online na aplikasyon, hinihingi rito ang mga transcript ng huling apat na taon. Maaari bang i-upload ang mga hindi opisyal na transcript?

Oo, tinatanggap ang mga hindi opisyal na transcript. Kasama dapat sa isang valid na transcript ang pangalan ng mag-aaral, pangalan ng paaralan, kumulatibong GPA, at mga nakuhang marka at credit para sa bawat kurso, na isa-isang nakalista ayon sa termino (o Marka para sa mataas na paaralan) kung kailan kinuha ang kurso.

Kasalukuyang part-time na nag-aaral sa community college ang anak ko at lilipat siya sa unibersidad sa susunod na semestre. Maituturing pa rin ba siyang full-time na mag-aaral at makakapag-apply ba siya para sa scholarship ng Baxter?

Pinaplano dapat ng mag-aaral na maging full-time na mag-aaral sa Taglagas para maging kwalipikado. Ang scholarship ay para sa susunod na taon ng paaralan, at nakasaad sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na dapat ay full-time na nag-aaral o **full-time** na mag-aaral ang mag-aaral. Kung ang iyong anak ay magiging part-time na mag-aaral lang sa Taglagas sa kolehiyo/unibersidad, hindi siya magiging kwalipikado para sa scholarship na ito. Hindi kailangang maging mga full-time na mag-aaral ang mga aplikante kapag nagsusumite ng kanilang aplikasyon.

Hindi nakikita ng anak ko ang Baxter Global Scholarship Program sa tab na Scholarship sa Hub. Paano namin makikita ang programa ng Baxter?

Hindi lalabas sa Dashboard ang aplikasyon hangga't ipinoproseso ito o kapag naisumite na ito. Kung hindi lumalabas sa tab na Mga Scholarship ang Baxter Global Scholarship Program, mag-email nang direkta sa Scholarship America sa thebaxterfoundation@scholarshipamerica.org. Makakatulong silang mag-troubleshoot. Posibleng may isang bagay sa Profile ng mag-aaral na humahadlang sa kanyang maitugma sa Baxter Scholarship Program. Maaari ring subukan ng iyong mag-aaral na bumalik sa page na Matuto Pa (<https://learnmore.scholarsapply.org/thebaxterfoundation/>) pagkatapos gumawa ng kanyang account.

Sa Hub ng Scholarship America, may nakikita kaming mga karagdagang scholarship program. Maaari bang mag-apply para sa mga iyon ang anak ko?

Oo, kadalasan ay may makikita ang mga mag-aaral na iba pang potensyal na scholarship program sa tab na Mga Scholarship. Maaari din silang mag-apply sa mga programang iyon, sa kundisyong natutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado. Posibleng makita ng mag-aaral ang, “Batay sa impormasyon sa iyong profile, posibleng maging kwalipikado ka para sa (mga) sumusunod na scholarship. I-click ang “Matuto Pa” para sa bawat scholarship para makita kung natutugunan mo ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado bago mag-apply.”

MGA RENEWAL NA SCHOLARSHIP

Hindi na empleyado ng Baxter ang magulang ng mag-aaral. Kwalipikado ba ang mag-aaral na i-renew ang kanyang scholarship?

Oo, kwalipikado ang mga anak na iyon na i-renew ang kanilang scholarship kahit hindi na empleyado ng Baxter ang kanilang magulang. Kapag nakatanggap na ng scholarship ang isang mag-aaral, ituturing na ito na ‘renewal’ sa hinaharap at maaari niyang i-renew ang kanyang scholarship nang tatlo pang beses o hanggang sa magtapos siya, alinman ang mauna. Pinapangasiwaan ng Internal Revenue Service ang mga scholarship program ng Pundasyon ng

korporasyon, at isinasaad nito na hindi maaaring tanggihan ng korporasyon ang kasalukuyang tumatanggap ng renewal na scholarship dahil hindi na empleyado ng korporasyon ang empleyado na magulang. Samakatuwid, para sa mga bagong aplikante, ang petsa ng cutoff ay ang huling araw ng panahon ng aplikasyon. Halimbawa, sa 2025, ang magulang na nasa Baxter ay dapat na naging empleyado ng Baxter nang dalawang taon simula Abril 01, 2025, ang petsa kung kailan magwawakas ang panahon ng aplikasyon.

Ang mga sumusunod ay mga link sa mga regulasyon ng IRS bilang sanggunian: Rev. Proc. 76-47, 1976-2 C.B. 670 (binago ng Rev. Proc. 85-51)

- https://www.irs.gov/pub/irs-tege/rp76_47.pdf
- https://www.irs.gov/pub/irs-tege/rp85_51.pdf

[Natanggap ng anak ko ang Baxter Global Scholarship noong nakaraang taon at handa na siyang i-renew ang scholarship para sa taong ito. Paano ire-renew ng anak ko ang kanyang scholarship?](#) Ang lahat ng tatanggap ng renewal ay makakatanggap ng notification sa email mula sa Scholarship America sa loob ng unang quarter ng 2025. Tingnan ang mga folder ng Junk mail.

Kung nagbago ang email address ng iyong anak mula noong orihinal na aplikasyon, makipag-ugnayan kaagad sa Scholarship America sa thebaxterfoundation@scholarshipamerica.org at magbigay ng kasalukuyang ginagamit na email address para sa mag-aaral. Ibinibigay ng notification sa email na ito ang mga kinakailangang hakbang na kailangang isagawa ng mag-aaral para ma-renew ang kanyang scholarship.

MGA GAWAD

[Kung mag-a-apply ang isang tao at nasa United Kingdom siya, makukuha niya ba ang \\$3,000 USD \(US Dollars\) nang naka-prorata sa UK £ na gagamitin sa hinaharap para sa edukasyon sa UK?](#)

Ang mga mag-aaral na nasa labas ng Canada at U.S. (kasama ang mga teritoryo ng U.S.) ay makakapagpasya kung gusto nilang matanggap ang gawad sa USD o lokal na currency, maliban na lang para sa mga sumusunod na bansa. Para sa mga bansang ito, ang mga pondo mula sa gawad ay ipinapadala sa pamamagitan ng wire transfer sa currency lang na USD:

Kung ang iyong Bangko ay nasa isa sa mga bansang nakalista sa ibaba, ipapadala ang iyong mga pondo sa scholarship sa iyong account sa United States Dollars. Responsibilidad mong tiyaking makakatanggap ng (\$) USD ang iyong bank account

Angola	Indonesia	Rwanda
Argentina	Jamaica	Seychelles
Armenia	Kenya	Sierra Leone
Azerbaijan	Lao People's Democratic	South Korea
Bangladesh	Republic	Suriname
Belarus	Lesotho	Taiwan
Bermuda	Libyan Arab Jamahiriya	Ukraine
Bhutan	Macau	Uzbekistan
Bosnia	Macedonia	Venezuela
Brazil	Madagascar	Vietnam
Burundi	Malawi	Wallis and Futuna Islands
Cape Verde	Malaysia	West Indies
Chile	Mauritania	
China	Mauritius	
Colombia	Republic of Moldova	

Comoros	Mongolia
Costa Rica	Mozambique
Djibouti	Nepal
Dominica	Netherlands
Eritrea	Nicaragua
Gambia	Pakistan
Georgia	Paraguay
Guatemala	Peru
Guinea	Romania
Honduras	Russian Federation

Sa loob ng dalawang linggo, aalis ang anak ko para mag-aral sa kolehiyo/unibersidad. Wala pa kaming nakukuhang anumang impormasyon tungkol sa mga tatanggap ng scholarship ngayong taong ito. Alam mo ba kung kailan iaanunsyo ang mga gawad?

Ang Scholarship Program ng Baxter ay ipinagkakaloob ng isang third party, ang Scholarship America (SAI). Sa katapusan ng Hulyo, makakatanggap ang iyong anak ng notification sa email (sa email address na ibinigay niya sa kanyang aplikasyon) mula sa SAI. Ipasuri sa iyong anak ang email na iyon dahil nakalista rito ang **mga mandatoryong hakbang** na kailangan niyang isagawa. Kung nagbigay ang iyong anak ng email address na hindi na ginagamit, makipag-ugnayan kaagad sa Scholarship America sa thebaxterfoundation@scholarshipamerica.org at magbigay ng kasalukuyang ginagamit na email address para sa iyong anak/mag-aaral.

Paano ipinapamahagi ang mga gawad?

Ipinoproseso ng Scholarship America (SAI) ang mga pagbabayad sa scholarship sa ngalan ng Foundation. Para sa mga mag-aaral sa U.S., Canada at Puerto Rico, ibinibigay ng Scholarship America ang mga gawad sa pamamagitan ng tseke, na dapat ibayad sa paaralan at ipinapadala sa address ng tirahan ng bawat tatanggap. Ang mga gawad ay ipinapadala, sa pamamagitan ng wire transfer, sa lahat ng tatanggap ng scholarship sa ibang bansa kapag natanggap na ng SAI ang katibayan ng pag-enroll at ang wire form.

Para saang mga gastusin maaaring gamitin ang scholarship na ito?

Ang scholarship na ito ay para sa undergraduate na pag-aaral at maaaring gamitin para sa mga kwalipikadong gastusin lang na may kaugnayan sa edukasyon (matrikula, mga bayarin, mga aklat, at mga kinakailangang gamit).

Ano ang PAGPAPAANTALA?

Ang isang PAGPAPAANTALA ay kapag nagpasya ang isang mag-aaral na ipagpaliban ang edukasyon at magpahinga mula sa pag-aaral sa paaralan, habang pinapanatili ang pagiging kwalipikado niya sa scholarship kapag nakabalik na. Isang pagpapaantala kada tatanggap ng scholarship ang pinapayagan, at hindi maaaring lumampas nang dalawang taon ang haba ng pagpapaantala.

MAY MGA TANONG PA RIN BANG HINDI NATUTUGUNAN SA MGA FAQ SA ITAAS? Paki-email sa andrea_cherubini@baxter.com ang iyong mga tanong.

Kung may mga tanong tungkol sa aplikasyon ang mag-aaral, paki-email o pakitawagan nang direkta ang Scholarship America sa thebaxterfoundation@scholarshipamerica.org at +01-507-931-8370 at humingi ng impormasyon tungkol sa Baxter Global Scholarship Program.